O Sugo ni Allah,maaari bang matulog ang iisa sa amin kapag siya ay sa kalagayang Junub? Nagsabi siya: Oo,Kapag nakapagsagawa ng Wudhu ang isa sa inyo ay maaari siyang matulog

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allāh sa kanilang dalawa-tunay na si `Umar bin Al-Khattab ay nagsabi:((O Sugo ni Allah,maaari bang matulog ang iisa sa amin kapag siya ay sa kalagayang Junub? Nagsabi siya: Oo,Kapag nakapagsagawa ng Wudhu ang isa sa inyo ay maaari siyang matulog))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagtanong si `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-kay Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag ang sa kanila ay naging Junub sa unang gabi,tulad nang nakipagtalik sa asawa nito,kahit na hindi ito nilabasan o di kaya ay nanaginip,Maaari ba siyang matulog habang siya ay sa kalagayang Junub? Nagpahintulot siya sa kanila nito-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-,sa kondisyon na magiging magaan ang malaking Hadath na ito, sa pamamaagitan ng pagsasagawa ng Wudhu na ipinag-utos sa Islam,At sa pagkakataong ito ay ipinapahintulot ang pagtulog sa kalagayang Junub.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3021